# May Pag-asa sa Lambak

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis. Mik R. Flores, TLF Executive Head Servant
*September 19, 2020*

May mga pagkakataong dumarating tayo sa lambak ng ating buhay at kadalasan, pakiramdam natin ay parang wala na tayong pag-asa. Matagal man ang pagtigil natin sa lambak, tiyak na may pag-asa. Umasa tayo at maghintay sa tama at takdang panahon dahil siguradong matutupad ang pangako ng Panginoong Diyos.

**Dalawang bagay na nagbibigay ng Pag-asa sa Lambak**

1. **Laging alalahanin ang kabutihan at katapatan ng Diyos.** Kung naging tapat Siya noon, magiging tapat pa rin hanggang sa ngayon.

2. **Yakapin ang Kanyang ginagawa.** Kadalasan, inaayawan natin ang ginagawa ng Diyos sa ating buhay lalong lalo na kung nasasaktan tayo. Kailangang maniwala tayo na mabait ang Diyos, maski ang buhay ay hindi. Kung maghihintay tayo, may magandang mangyayari sa lambak.

Maski gaano kasama ang mga pangyayari, magalak tayo sa Panginoon, (Habakkuk 3:16-18). Tunay nga na magalak tayo kapag tayo'y dumadanas ng iba't ibang pagsubok (Santiago 1:2).

Habang hinihintay natin ang Diyos, kailangang magpuri tayo sa Kanya nang may "shigionoth" tulad ng ginawa ni propetang Habakkuk habang naghihintay siya sa tugon ng Panginoon sa kanyang panalangin sa gitna ng kanyang kabiguan.

Ang "shigionoth" ay papuring iniaalay sa Diyos bago pa makamit ang minimithi. Minsan, ito ang pinakamasigasig na pagpupuri bago dumating ang hinihinging probisyon, sagot sa ating dasal, at kagalingan. Pagpupuri ito base sa pananalig. Ito'y pagpupuri sa Diyos hindi sa Kanyang mga ginawa o gagawin pa lang, kundi dahil sa Kanyang mga katangian.

Maaaring magbago ang sitwasyon o pangyayari sa buhay natin, ngunit ang Diyos ay hinding-hindi magbabago; kaya't dapat hindi rin magbago ang ating pagpupuri sa Kanya. Kailangan lubos ang ating katapatan sa pagpupuri sa Diyos. Laging "shigionoth" – buong (katawan, espiritu at kaluluwa). Nagpapahayag tayo ng kagalakan at pagpupuri sa kabutihan ng Diyos sa kabila ng hindi magandang mga pangyayari. Parang nakikipagbuno tayo sa Diyos – nagtatanong, ngunit nagpupuri pa rin tayo sa Kanya.

Gusto ng Panginoon na ma-enjoy natin ang Kanyang presensya sa tuktok ng bundok at gusto rin Niyang mas malalim pa ang pagkakakilala natin sa Kanya at matuto tayong magtiwala sa Kanya kung tayo ay nasa malalim na lambak. Pinapayagan ng Diyos na makarating tayo doon para matuto tayong tumingala sa Kanya.

Hinahayaan din ng Diyos na dumaan tayo sa pagrereklamo, pamamangha, at pagkalito. Hinahayaan din Niyang dumaan tayo sa proseso ng paghihintay para magkaroon tayo ng pananalig na may pag-asa maski nasa malalim tayong lambak.

Buhay ang Diyos; kontrolado Niya ang LAHAT ng bagay sa ating buhay. Tinitiyak ng Diyos na ginagawa Niya ang lahat para sa ating kabutihan. Ang plano ng Diyos sa atin ay mabigyan Niya tayo ng pag-asa, at gagawin ang lahat para sa ating ikabubuti.

**Pagninilay:**
Ikaw ba ngayon ay nasa malalim na lambak? Bigyan ng *shigionoth* ang Diyos.

**Isinalin ni:** Sis. Nida Cruz
**Na-edit at naaprobahan ni:** Sis. Vera I.Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials